

Priority Primary Care Centres (Mga Sentro ng Agarang Pang-unang Pangangalaga)

OFFICIAL Filipino

- Kailangan mo bang magpatingin sa doktor nang agaran?
- Ang mga Priority Primary Care Centre (PPCC) ay nagbibigay ng libreng paggamot para sa sinumang may agarang pinsala o karamdaman.
- Tutulungan ka ng mga doktor ng PPCC na makakuha ng kailangan mong paggamot nang mas mabilis kaysa sa emergency department ng isang ospital.
- Magagamot nila ang mga kondisyon tulad ng mga bahagyang impeksyon, di-malubhang pagkapaso, pagkapilay o sinususpetsang pagkabali ng mga buto.
- Kung ikaw ay may malubhang pinsala o karamdaman, tawagan ang Triple Zero (000).
- Kung hindi mo kailangan ng agarang pangangalaga, makipag-appointment ka sa regular mong doktor.
- Kabilang sa mga serbisyo ng PPCC ang pathology, radiology at botika.
- Walang bayad ang mga serbisyo ng PPCC para sa lahat, may Medicare card man o wala.
- Ang mga PPCC ay bukas nang may pinalugitang mga oras, pitong araw sa isang linggo.
- Hindi mo na kailangan ng appointment.
- Magbubukas ng mga PPCC sa buong Victoria.
- Bisitahin ang Better Health Channel para sa mga lokasyon at karagdagang impormasyon: www.betterhealth.vic.gov.au/health/servicesandsupport/priority-primary-care-centres
- May makukuhang mga interpreter sa mga PPCC. Tawagan ang Translating and Interpreting Service TIS National sa 131 450.